Mga Madalas Itanong

Anong mga parke, lugar libangan ang bukas?
Noong Hunyo 4, karamihan sa mga pampublikong lugar na pinangangasiwaan ng estado ang muling nagbukas para **mabisita kapag araw**.

Muli ring pinapayagan ang **pagka-camping** sa maraming county na nagsimula na sa Ika-2 Yugto ng planong Safe Start ni Gobernador Jay Inslee.

Bukas na rin ang mga pantalan at marina sa mga pampublikong parke sa mga county na nasa ika-2 Yugto.

Para malaman ang kasalukuyang kalagayan ng mga lugar para sa camping, parke, at iba pang lugar para sa paglilibang na pinapangasiwaan ng estado, bumisita sa:

- Washington State Parks— Katayuan ng mga parke
- Washington Department of Fish and Wildlife — Listahan ng mga pagsasara at paghihigpit
- Washington State Department of Natural Resources— Mga pagbubukas ng mga libangan

Tandaan: Ang ilang parke sa mga county na nasa ika-2 Yugto **ay maaaring hindi kaagad magbukas** para sa pagka-camping, batay sa utos ng mga opisyal ng county. Sinusuportahan at patuloy na nakikipagtulungan ang Washington State Parks sa mga komunidad na ito para makahanap ng pinakamagandang paraan para muling magbukas para sa pagka-camping.

Kailangan ko ba ng Discover Pass
Oo. Kailangan ang Discover Pass para iparada ang iyong sasakyan sa mga lugar para sa paglilibang ng estado at mga lugar na may access sa tubig na pinangangasiwaan ng Mga Parke ng Washington State Parks at ng Kagawaran ng Likas na Yaman (Department of Natural Resources o DNR). Kabilang sa mga lugar na ito ang mga parke ng estado, mga pasukan sa mga lugar na may acces sa tubig, mga makasaysayang lugar, mga lugar ng wildlife at likas na yaman, mga lugar para sa camping ng DNR, mga daanan at trailhead, at lahat ng bundok na pinangangasiwaan ng DNR. Kailangan ang Discover Pass sa mga parke ng estado para sa mga pagbisita kapag araw lang.

Kailangan din ang Discover Pass sa mga lugar na pinangangasiwaan ng Kagawaran ng Pangingisda at Wildlife ng Washington (Washington Department of Fish and Wildlife o WDFW). Kabilang dito ang mga lufar na may access sa tubig at wildlife, malibang kung mayroon ka nang Vehicle Access Pass na ibinigay kasama ng pagbili ng lisensiya para sa kwalipikadong pangangaso o pangingisda.

Puwede ba akong kumuha ng pagpapahaba ng bisa o refund sa aking Discover Pass para sa panahong sarado ang mga lupain ng estado?
Hindi kami nagbibigay ng refund o pagpapahaba ng oras ng mga Discover Pass.

$30 ang halaga ng taunang Discover Pass. $10 ang presyo ng day pass, kaya sulit na ang taunang pass sa tatlong pagbisita lamang.

Hinati sa 12 buwan, nagkakahalaga ito ng $2.50 kaya buwan. Sarado ang mga lupain ng estado mula Marso 25 hanggang Mayo 5, halos mahigit na sa limang linggo.

Nakaranas ang mga Parke ng Estado ng malaking pagkalugi sa kita ngayong tagsibol — sa kabila ng malaking pagbabawaas ng badyet sa nakaraang Great Recession.

Gayunpaman, hinihikayat namin kayong bumisita nang madalas sa mga parke ng Washington state at mga lupain ng estado simula ngayong tag-araw at higit pa para lubos na masulit ang iyong pass.

Bukas ba ang mga palaruan?
Sarado ang mga palaruan sa mga Parke ng Estado hanggang magkaroon ng karagdagang abiso para bawasan ang pagkalantad sa COVID-19.

Bukas ba ang mga banyo?
Oo. Sa mga bukas na parke, magagamit ang mga banyo sa mga lugar na mabibisita kapag araw at mga lugar na bukas para sa pagka-camping. Maaaring sarado ang mga banyo sa ilang lugar at sa mga saradong lugar para sa camping.

Pumunta nang handa. Magdala ng sarili mong personal protective equipment, tubig, sabon, hand sanitizer at tisyu, at iligpit ang lahat ng dinala mo sa iyong pagpunta.

Mananatiling sarado sa publiko ang mga opisina ng parke, pati na rin ang mga sentro ng bisita at mga gusali ng parke.

Bukas ba ang mga daungan, moorage at mga pasilidad ng marine park?
Pinapayagan ang paggamit ng daungan, at may magagamit na moorage sa mga bukas na parke. Kailangang magsagawa ang mga taong gumagamit ng mga daungan ng pisikal na pagdistansiya sa mga tao na hindi nila kasama sa bahay.

Magbubukas ang mga banyo sa mga parkeng pandagat ng estado sa loob lamang ng limitadong oras. Iligpit ang iyong basura, at huwag umasa ng maiinom na tubig sa mga isla.

Babantayan o kokontrolin ba ang pag-aangkla? Paano naman ang mga lugar sa dalampasigan para sa mga dinghies?
Babantayan at kokontrolin ang pag-aangkla dahil nauna na ito bago ang mga pagsasara kaugnay ng COVID-10. Walang ipinapatupad na espesyal na alituntunin.

Bukas ba at umaandar ang mga pumpout?
Bukas ang ilang pumpout sa Washington na makikita sa loob ng parke ng esrtado.

Nasa mga pampuliko o pribadong marina ang karamihan sa mga pumpout sa Washington. Kailangang makipag-ugnayan ang mga bangkero sa mga marina para malaman kung bukas ang mga ito at gumagana ang mga pumpout. Para sa nga lokasyon ng pumpout sa Washington, bumisita sa: parks.state.wa.us/657/Pumpout

Kung bukas ang parke para lamang sa pagbisita kapag araw, anong oras nagsasara ang parke?
Nagsasara ang mga parke para sa pagbisita kapag araw sa dapithapon.

Makakakuha ba ako ng buong refund para sa aking reserbayon sa pagka-camping o magdamad na matutuluyan?
Depende ito sa...

- **Mga pangdamagang bisita na apektado ng pagsasara:** Nakikipag-ugnayan kami sa mga pangmagdamang bisita na may mga reserbasyong apektado ng pagsasara para magbigay ng buong refund.
- **Ang mga bisita sa mga bukas na parke para sa camping ay** puwedeng tumanggap ng buong refund para sa pangmagdamagang pananatili, na may bawas na hindi maaaring i-refund na bayarin sa transaksyon ($8 hanggang $10 na bayarin sa reserbasyon at $8 hanggang $10 na bayarin sa pagkansela). $8 ang bayarin sa reserbasyon kung ginawa ito online at $10 kung ginawa sa pamamagitan ng telepono.

Kung mayroon kang tanong tungkol sa iyong kasalukuyang reserbasyon sa pagka-camping, tumawag sa (888) CAMPOUT o (888) 226-7688.

Paano kung mayroon akong reserbasyon sa isang parke na kasalukuyang sarado para sa pagka-camping? Kailan ko malalaman kung nakansela ang reserbasyon ko?
Nagpapasalamat kami sa inyong pag-unawas habang tinutugunan namin ang mapaghamong sitwasyong ito. Alam naming mahalaga ang mga plano sa pagbabakasyon, at umaasa kaming makakapag-camp ka sa iyong paboritong parke ng Washington state ngayong tag-araw.

Dahil dito, nagdadalawang-isip kaming kanselahin ang mga reserbasyon hanggang sigurado na kami na hing muling magbubukas ang parke para sa pagka-camping sa petsang na-book mo. Kaya, maaaring hindi kami makipag-ugnayan sa iyo hanggang sa ilang araw bago ang iyong naplanong pananatili.

IKung kailangan naming kanselahin ang iyong mga reserbasyon sa isang parke na nanatiling sarado para sa pagka-camping, makikipag-ugnayan kami sa iyon sa pamamagitan ng email, at makakatanggap ka ng buong refund.

Para sa mga partikular ng tanong tungkol sa iyong reserbasyon, makipag-ugnayan sa mga team ng mga reserbasyon sa 888-CAMPOUT (888-226-7688).

Magsasara ba ang mga lupain ng estado kung may problema sa dami ng tao?
Habang muling naming binubuksan ang mga lugar, hinihiling namin sa mga tao na patuloy na magsagawa ng pisikal na social distancing. Kung napansin naming nagtitipong ang malalaking grupi, maaaaring kailanganin naming pag-isipan ang pagsasara ng mga parke o mga lugar sa loob ng parke.

Kung magkaroon ng mga bagong alalahanin sa kaligtasan kaugnay ng COVID-19, maaaring isara ng Kagawaran ng Pangingisda at Wildlife ng Washington (Washington Departments of Fish and Wildlife o WDFW) at Kagawaran ng mga Likas na Yaman (DNR) ang mga lugar nang may limitadong abiso para protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng publiko.

Paano ko iuulat ang anumang problema sa maraming tao, basura o iba pang alalahanin sa mga lugar ng wildlife o pantalan ng bangka sa WDFW?
Puwedeng iulat ng mga tao ang mga isyu sa website ng Kagawaran ng Pangingisda at Wildlife ng Washington (Washington Department of Fish and Wildlife).

Puwede pa rin ba akong magboluntaryo para tumulong sa paglilinis at pagpapanatili ng aking lokal na parke ng estado?
Hindi sa ngayon. Pinapahalagahan namin ang aming mga boluntaryo at ang kanilang mga oras ng pagsisikap. Gayunpaman, walang mangyayaring aktibidad ng mga boluntaryo hanggang magkaroon ng karagdagang abiso. Nagsisikap ang State Parks na muling simulan ang pagho-host ng camp at iba pang programa ng pagboboluntaryo sa kalaunan ng tag-araw na ito. Tingnan ang mga update o makipag-ugnayan sa Volunteer Program sa pamamagitan ng email o tumawag sa (360) 902-8583.

Kailan magbubukas ang mga cabin at yurt?
Mananatiling sarado ang mga cabin, yurt at kubo sa mga bagong reserbasyon hanggang Hunyo 30. Para sa mga cabin na nakapagbukas ngayong Hunyo, tatanggapin ang mga umiiral na reserbasyon.

Bukas ba ang mga panggrupong lugar para sa camping?
Sarado ang mga panggrupong camp hanggang magkaroon ng karagdagang abiso.

Bukas ba ang mga bahay bakasyunan?
Sarado ang mga bahay bakasyunan hanggang magkaroon ng karagdagang abiso.